

Ang Limang mga Kalayaan ng Kapakanan ng mga Hayop

Ang limang mga kalayaan ay ang mga hanay ng pamantayan na bilang mga nagmamay-ari at nag-aalaga ng mga hayop, ay ating dapat maintindihan paramasigurado natin na ating maibibigay ang mabuting kapakanan nila. Itong mga pamantayan na ito ay kinikilala sa buong daigdig at ang mga ito hindi lamang tungkol sa mga bagay na gusto nating gawin para sa ating mga hayop, ito rin ay mga bagay na ating dapat gawin upang maging mga responsableng may-ari ng mga hayop. Sa Indo Pet Expo 2017, ating pinagtutuunan ng pansin ang tema ng “Pagsusulong ng Responsableng Pag-aalaga para sa Kapakanan ng Iyong Alaga”, at ito ay sinisimulan sa mga limang pangunahing pangangailangan sa kalayaan:



1. Ang kalayaan sa pagkagutom at pagkauhaw (pagkain at tubig)

Ang lahat ng mga hayop ay may karapatan para makakuha ng malinis na tubig at isang balancing Mabuti, masustansyang diyeta. Ang kalayaan mula sa pagkagutom at pagkauhaw ay nagbibigay sa mga hayop ng kanilang mga pinakapangunahing pangangailangan sa pamamagitan ng pagpapahintulot na sila ay manatiling may mabuting kalusugan at puno ng sigla.



2. Ang kalayaan sa kakulangan sa ginhawa (shelter/kanlungan)

Ang lahat ng mga hayop ay dapat mamuhay sa angkop na lugar. Ang mga kondisyon at ang mga paligid na ibinibigay natin sa isang hayop ay nakakatulong sa kabuuang kapakanan nito. Sa pamamagitan ng pagbibigay sa hayop ng kanulngan at isang komportableng lugar kung saan siya maaaring magpahinga, sinisigurado mon a ang hayop na iyon ay mananatiling malusog at masaya.



3. Ang kalayaan sa sakit, sugat at karamdaman (medikal na pangangalaga)

Ang lahat ng mga hayop ay may karapatan sa mabilisang pangangalaga ng beterinaryo kung sila ay may sakit o sugat upang makaiwas sa hindi kinakailangang paghihirap. Sa ilang mga kaso, ang mga hindi kinakailangan sakit

at sugat ay maaaring mapigilan sa pamamagitan ng regular na pagbisita sa beteryaryo.



4. Ang kalayaan na ipahayag ang normal na pag-uugali (ehersisyo)

Ang lahat ng mga hayop ay dapat payagan na maipahayag ang kanilang mga normal na pag-uugali. Ang normal na pag-uugali ay ang paraan kung paano kumikilos ang isang hayop sa kanyang natural na kapaligiran. Sapat na espasyo, tamang kanlungan at tirahan kasama na ang sapat na ehersisyo, pagkakataong makapaglaro at ang pakikisalamuha nila sa sariling uri ng hayop na nakakapagpahikayat sa pagpapahayag ng mga normal na pag-uugali.



5. Ang kalayaan sa takot at pagdurusa (pagmamahal at pag-unawa)

Ang lahat ng mga hayop ay may karapatan na maging masaya. Ang paniigurado na ang mga kondisyon na makakaiwas sa hindi kinakailangang anxiety at stress o pagkabalisa at pagkabahala ay makakatulong na makapagbigay ng kalayaan sa mental suffering/pagdurusa ng kanilang mga kaisipan. Bagaman na mahalaga ang kanais-nais na mga kondisyon, ang mga naaangkop na mental conditions/mga kalagayan ng kaisipan ay mahalaga din sa magandang kapakanan ng mga hayop.

Ang pagkakaroon ng alagang hayop ay isang malaking responsibilidad, kaya para masigurado ang kaligayahan at kapakanan ng ating mga minamahal na kasamang mga hayop, dapat lagi natin silang bigyan ng limang mga kalayaan.